



## Mga Katungkulan ng mga Dayuhang Kasambahay



Umiwas sa labis na pangungutang. Huwag bayaran ang iyong ahensiya sa pamamagitan ng pag-utang sa kahit na anong kumpanya na nagpapautang kahit na hilingin ito ng ahensiya.

Gawin lamang ang mgaambahay na tungkulin para sa pamamahay ng amo sa tirahan na nakasaad sa kontrata. Huwag manilbihan para sa ibang tao bukod sa iyong amo.



Umiwas sa "job-hopping". Kadalasan hindi pinapayagan ang pagpalit ng amo habang wasto pa ang iyong kasalukuyang kontrata maliban sa pambihirang pangyayari. Maaring hindi na payagan ang iyong pag-apply ng visa sa hinaharap kung abusuhin ang pagputol sa kontrata nang wala sa panahon.



Mayroon kang libreng tutuluyan sa pamamahay ng iyong amo sa tirahan na nakasaad sa kontrata, at ditto ka lang puwedeng tumira. Maaring hindi na payagan ang iyong pag-apply ng visa sa hinaharap kung titira ka sa labas kahit na pinayagan o binayaran ito ng iyong amo.



Maari kang isakdal at paalisin sa Hong Kong kapag napatunayan kang lumabag sa kundisyon ng pananatili.



Huwag tumanggap ng illegal na trabaho o pansamantalang trabaho kahit na pinayagan o pinakiusapan ka ng iyong amo o ahensiya na gawin iyon.